

KILALANIN SI DAVINIA!

# Pagsunod kay Jesus sa Bolivia

MGA LARAWANG-GUHIT NI ZHEN LIU

## Kung Paano Sinusunod ni Davinia si Jesus

Sinusunod ni Davinia si Jesus sa pamamagitan ng pagsisimba. Gustung-gusto niyang marinig ang patotoo ng mga tao. “Masaya ako dahil napakarami kong natututuhan sa Primary,” sabi niya.

Minsan ay sumama siya sa kanyang pamilya para bisitahin ang Cochabamba Bolivia Temple. Pumasok ang kanyang mga magulang at kapatid upang magsagawa ng mga binyag para sa kanyang pamilya. Habang nakaupo si Davinia at ang pinsan niya sa waiting room, nadama niya ang Espiritu. “Masaya ako dahil alam ko na ang templo ang bahay ng Diyos,” sabi niya.

Nasasabik si Davinia na magsagawa ng mga binyag sa templo balang-araw. Hindi magtatagal at isang templo ang itatayo malapit sa bahay nila! Naghahanda siya sa pamamagitan ng pagsisimba, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at pagdarasal.



### Maaari Mo ring Sundin si Jesus!

Ano ang nagawa mo para sundin si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano!




## Tungkol kay Davinia

**EDAD:** 10

**MULA SA:** Santa Cruz, Bolivia

**WIKA:** Spanish

**MITHIIN:** 1) Maging isang veterinarian. 2) Matutong tumugtog ng piyano.

**MGA LIBANGAN:** Paggawa ng mga craft

**PAMILYA:** Davinia, Inay, Itay, tatlong kuya, at kanilang aso (si Pancho)

## Mga Paborito ni Davinia

**KUWENTO SA AKLAT NI MORMON:** Paglalakbay ni Nephi sa disyerto

**HOLIDAY:** Pasko

**PRUTAS AT GULAY:** Mga strawberry at pipino

**KULAY:** Lila

**AWIT SA PRIMARY:** “Ako ay Anak ng Diyos,” (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 2)